American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-10, Issue-07, pp-31-38
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Pagsusuri ng mga Tayutay sa mga Piling Awitin ng Cup of Joe: Isang Istaylistikong Pananaliksik

Rikki Mari C. Maghinang*, Angelica Marie Y. Pingol, Daniela L. Pineda, Jessette Mae N. Bona, Irish Cel P. Estrada, Princess Zyra N. Nunag, Ralyn B. Rodriguez, Gloria B. Abrazado
*College of Arts, Sciences, and Education, Republic Central Colleges, Philippines*

**ABSTRACT :** Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang suriin, tukuyin, pangkatin, at bigyang kahulugan ang mga tayutay na hinango mula sa liriko ng mga piling awitin ng Cup of Joe, batay sa listernership at viewership rates nito sa mga kilalang music streaming platforms at maging sa wikang ginamit ng mga awitin. Sa pamamagitan ng deskriptibong disenyo ng pananaliksik sa ilalim ng kuwalitatibong dulog at paggamit ng pag-aanalisang istaylistiko, naisakatuparan na mailahad ng mga mananaliksik ang layuning ilantad ang mga umiiral na nakakubling mga tayutay at pagpapakahilugan ng mga liriko ng bawat awitin. Natukoy ng pananaliksik na mula sa pagsusuri ng mga datos, sampung (10) tayutay ang natunton, na kung saan ang Pagwawangis o Metapora ang may pinakamaraming dalas na sinundan ng Personipikasyon, Pagmamalabis, Retorikal na Tanong, at Pagtatambis. Ang naging resulta ng pananaliksik na ito ay magsisilbing pundasyon at panimulang hanguan bilang repositoryo upang mapalawak ang mga pananaliksik na tumatalakay sa kasangkapan ng wikang Filipino sa aspekto bilang matalinghagang wika tulad ng mga tayutay bilang istilo sa pagkakasulat ng mga awitin.

***KEYWORDS :*** *tayutay, istaylistikong pagsusuri, Cup of Joe, Pagwawangis, Filipino*

## I. PANIMULA

Ang wika ay isa sa mga mahahalagang kasangkapan na ginagamit ng mga manunulat at mang-aawit kung saan ito ay inilalapat sa inihandang melodiya upang makabuo ng isang makabuluhang awit. Ayon sa naging pananaliksik ni Constantino at Atienza (1996)[1], hindi lamang nagsisilbing kasangkapan sa pakikipagtalastasan ang wika, bagkus sa pamamagitan ng paggamit ng matalinghagang wika, naipapahayag ang emosyon, kaisipan, ideolohiya, karanasan, at maging ang guni-guni ng isang tao.

Isa sa mga istilong ginagamitan ng wika ay ang tayutay. Ayon sa pag-aaral na isinagawa nina Joshi (2014; sa pananaliksik nina Aras et. al., 2024) )[2], ang tayutay ay isa sa mga paraang ginagamit sa pagsulat ng isang malikhaing akda, na hindi lamang ginagamit upang mas gumanda ang wikang nakapaloob dito bagkus nagsisilbi ring daluyan ng masining na paglalarawan ng damdamin at kaisipan.

Ang mga tayutay o sa Ingles ay kilala sa ngalang "*figurative language"* ay isang paraan na ginagamit ng mga liriko o manunulat bilang kanilang istilo sa pagsulat ng akdang kinapapalooban ng mga malilikhaing akda, tulad ng mga awitin. Ang mga salitang nagbibigay ng mental na paglalarawan ay ginagamitan ng mga tayutay na nakapagbibigay ng iba pang pagpapakahulugan na kaiba sa literal nitong kabatiran (Agung et. al., 2022)[3].

Maraming mga dalubwika ang nagbigay ng mga pagpapakahulugan at klasipikasyon ng mga uri ng tayutay, na isang epektibong sandata ng mga makata, manunulat, at liriko sa kanilang pagpapahayag ng ideya o damdamin. Isa na rito ang isinagawang pag-aaral nina Kennedy at Gioia (1995)[4], na kung saan kanilang inimungkahi na mayroong labing-isang (11) pangunahing uri ng tayutay: 1) Pagtutulad o Simili na naghahambing sa dalawang magkaibang uri na bagay sa hindi lantarang paraan at ginagamitan ng mga panandang "kamukha," "wari," "parang," "tulad," at iba pa; 2) Pagwawangis o Metapora na tuwiran ang paghahambing nito sa pagitan ng dalawang bagay; 3) Pagbibigay-Katauhan o Personipikasyon na paglalapat sa isang bagay o maging sa mga hayop at abstraktong idea ng katangian, gawi, o kaugalian ng isang tao (Arp & Perrine, 2004) )[5]; 4) Panawagan o Apostrope na tumutukoy naman sa paraan ng pagpapahayag ng ideya na ang isang tagapagpahayag ay pakunwari'y nakikipag-usap sa isang bagay na walang buhay na walang kakayahang tumugon; 5) Pagmamalabis o Hyperbole na gumagamit naman ng mga eksaheradong salita, pahayag, o ideya; 6) *Understatement* na kaiba naman sa pagmamalabis na kung saan ang pagpapahayag ng isang ideya na nasa istilong mapagtimpi at mas nakahihigit kung ano ang mas ipinapahiwatig ng tagapakinig kaysa sa kabuuang

paglalahad ng tagapagsalita; 7) Pagpapalit-tawag o Metonomiya na igumagamit ng mga salitang maaaring itambal sa literal na katawagan o ngalan ng isang bagay ngunit nagkakaroon pa rin ito ng kaugnayan; 8) Pagpapalit-Saklaw o Synecdoche na gumagamit ng isang bagay upang tukuyin ang kabuuan o kaya naman ang isang kabuuan na kumakatawan sa isang bahagi; 9) Pagpapalit-Wika o Epithet na gumagamit ng mga salitang naglalarawan (tulad ng pang-uri) bilang paglalarawan sa mga bagay na inilalapat sa katangian ng isang tao; 10) Salintunay o Paradox na kung saan inilalantad ng tagapahayag ang isang bagay o ideya na sa una ay maaari itong walang saysay o kahalagahan ngunit kung ito ay pakaiiisipan o babasahin muli, nagtataglay ito ng mas malalim na katuturan; at 11) Pun o ang mapaglaro, katawa-tawa, o retorikal na paggamit ng mga salita o paririlang magkakapareho ang bigkas o pagpapakahulugan.

Ayon sa naging pananaliksik ni Bulan (2017)[6], maituturing ang wika hindi lamang instrumento sa komunikasyon ngunit sandata rin ng kultura ng isang bansa. Sa Pilipinas, nagagamit ang wika, partikular na ang Filipino bilang midyum sa pag-unlad ng panitikang Pilipino dahil sa patuloy na pag-usbong at pagbabago sa istilo ng paggamit ng wika. Sa kasalukuyan, ang isa sa mga pinakakilala na makabagong anyo ng panitikang Filipino ay masasalin sa mga tula na nilapatan ng himig upang maging awitin, ang *Original Pilipino Music (*OPM).

Ang *Original Pilipino Music* o OPM ay itinuturing na hanay ng mga pagtatanghal musikal na kinapapalooban ng iba't ibang *genre* at komposisyon ng awitin sa Pilipinas (Deja et. al., 2016)[7]. Sa pag-aaral nina Shunwei at Jia (2022)[8], itinuturing ang OPM bilang "Awitin ng Pilipinas" o "Awitin ng mga Pilipino" sa kadahilanang ito ay naisusulat, iniaawit, at itinatanghal ng mga Pilipinong nasa industriya ng awit.

Sa isinagawang pag-aaral nina Caipang at Orcullo (2024)[9], kanilang ipinahayag na ang OPM ay naglalaman ng mga pahayag na kinapapalooban ng mga tema, simbolismo, idyomatikong pahayag at maging ng kulturang Pilipino na nagiging daan sa pagbuo ng pagkakakilanlan at damdaming Pilipino. May malalim din na kaugnayan ang OPM sa kulturang Pilipino, na nagsisilbing salamin ng pagpapahalaga sa mga kultura, gawi, tradisyon, at kaugalian na nagsisilbing epektibong midyum ng pagpapahayag mula sa pinagtagpi-tagping karanasan ng mga Pilipino at maging sa pagsidhi ng mga mapang-udyok na damdamin o emosyon, kaisipan, at maging ang karanasan ng mga Pilipino (Sebio, 2023)[10].

Tinalakay sa naging pananaliksik ni Madarang (2023)[11] na ang mga tayutay ay nakapagbibigay ng mas malalim na pagpapakahulugna sa mga liriko, na nagiging daan upang mas maunawaan ng mga tagapakinig ang emosyonal na lalim ng isang awit. Binigyang kabatiran din sa nasabing pananaliksik na ang mga tayutay ay nagsisilbing tulay upang maipahayag ang mga damdamin na mahirap ilarawan sa literal na pagkakaayos ng mga salita o pahayag.

Sa kasalukuyan, habang umuusbong ang paggamit ng wikang Filipino bilang midyum at daluyan sa pagsulat ng mga awitin, patuloy ding umuusbong at napapaunlad ang OPM bilang isa sa mga haligi ng *mainstream music genre.* Samakatuwid, ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin, tukuyin, malaman, ilarawan, at isaklasipika ang mga tayutay mula sa piniling grupo ng OPM ng mga mananaliksik. Pagdaragdag, sa isinagawa ding pananaliksik na ito ay binigyang pagpapakahulugan ng mga mananaliksik ang mga sinuri na ispesipikong liriko na itinambal sa partikular na tayutay batay sa pinakadiwa ng awit at tinukoy ang epekto ng tayutay sa mga sinuring liriko ng mga awitin.

Saligan sa pananaliksik na ito ang teoryang istaylistiko na pumapatungkol bilang sangay ng pag-aaral sa lingguwistika na nagsasagawa ng pagsusuri sa pamamagitan ng paglalarawan kung paano nagagamit at nabubuo ang isang wika (Leech & Short, 2007)[12].

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pananaliksik na ito ay may layuning tukuyin ang mga tayutay na nakapaloob sa liriko ng mga awitin ng Cup of Joe, mailarawan kung ano ang mga tayutay na kadalasang nagagamit sa pagsulat ng liriko ng isang awit, mabigyan ng mga pagpapakahulugan ang mga lirikong sinuri na kinapapalooban ng tayutay, at malaman ang epekto ng tayutay sa mga sinuring liriko ng mga awitin.

Layunin din ng pananaliksik na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano-anong mga uri ng tayutay ang nasuri mula sa mga sumusunod na piling liriko ng mga awitin ng Cup of Joe:
   1.1. Pahina;
   1.2. Multo;
   1.3. Bagyo;
   1.4. Siping;
   1.5. Hinga;
   1.6. Silakbo;
   1.7. Tingin;
   1.8. Misteryoso;
   1.9. Patutunguhan; at
   1.10. Estranghero?

2. Ano-ano ang mga pagpapakahulugan ng mga sinuring liriko na ginamitan ng mga tayutay?
3. Ano-ano ang mga epekto ng mga tayutay sa sinuring liriko ng mga awitin?
4. Ano ang implikasyon ng paggamit ng tayutay sa mga awiting Original Pilipino Music?

## III. METODO

**Paraan ng Pananaliksik**

Ginamit sa pananaliksik na ito ang istaylistikong kuwalitatibong dulog na kung saan nakapokus ito sa pagtukoy ng mga tayutay sa mga piling awitin ng Cup of Joe, binigyang pagpapakahulugan ang mga sinuring liriko, at pagtukoy sa epekto ng tayutay sa mga sinuring liriko ng mga awitin.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos at Etikal na Konsiderasyon**

Sa pangangalap ng datos ng mga mananaliksik, nanguna ang pagsasagawa nito ng pamanatayan para sa pagpili ng mga awit na naging pangunahing hanguan ng mga datos sa pag-aaral na ito. Ang pamantayang itinalaga ay batay sa pagiging tangi ng mga titulo ng mga awiting pinagpilian mula sa lahat ng diskograpiya ng Cup of Joe at maging na rin ang bilang *viewership* at *listenership rates* nito mula sa isinapublikong opisyal na *music video* at *lyric video* sa YouTube na isang uri ng *online video platform* at sa Spotify bilang *music streaming platform.*

Ang Cup of Joe ay isang Filipino *pop band* na itinatag sa lungsod ng Baguio noong Nobyembre 2018 (Mauricio, 2025)[13]. Naging kilala ang Cup of Joe bilang isang banda dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang estilo o *genre* ng mga awitin na maituturing na "*experimental"* na humahango sa pagiging iba at tangi ng bawat awitin na kanilang itinatanghal. Kabilang sa mga istilo ng kanilang awitin ay maaaring ipalagay bilang *mellow acoustic pop, retro, ballad, alternative pop side* at maging na rin ang *rero-wave* at *neo-folk* (Bernardino, 2023)[14].

Kabilang sa mga awitin ng Cup of Joe na nagsilbing mga datos ng mga mananaliksik ang 1) "Pahina" na tungkol sa bahaging pipiliin ng isang tao na balik-balikan ang mga alaala ng nakaraan na bunga ng kaniyang pagtingin at pagturing nito bilang pinakamahalagang bahagi ng kabanata ng kaniyang buhay (Go, 2025)[15]; 2) "Multo" na pumapatungkol sa mga alaala na nagmula sa isang tao o bagay na patuloy na gumugulo sa umaalala nito. Ayon sa artikulo na isinulat ni Maramara (2025)[16], ang salitang "multo" sa nasabing awitin ay parang isang hangin at bumubulong at patuloy na nagpaparamdam saan man mapadpad ang isang tao; 3) "Bagyo" na pumapatungkol sa hindi pagkilala ng isang tao sa isang masakit o mapait na katotohanan: hindi na mabubuo muli ang isang bagay na sira o hindi na muli maibabalik pa sa maayos na kalagayan. Resulta nito, kumakapit na lamang ang isang tao sa mga nakaraang alaala at sa sarili nitong imahinasyon (Bacordo, 2025)[17]; 4) "Siping" na nauukol sa desperadong pagsusumamo o pagnanais ng isang tao na "mahiga" o makapiling ang mahal nito, hindi lamang sa pisikal na paraan bagkus maging sa emosyon na kalagayan; 5) "Hinga" na pumapatungkol naman sa pagkilala o pagtanggap sa nakaraan at pagtanggap ng isang tao na dumaloy ang sakit sa kalooban nito.

Bilang pagpapatuloy, ang 6) "Silakbo" na bumabatid sa biglaan ngunit matinding pag-agos ng damdamin ng isang tao – tulad ng galit, pagnanasa, at iba pa; 7) "Tingin" na may pangunahing diwa ng matinding paghanga o atraksiyon at damdaming pagkabighani ng isang tao at ang pagnanais nito na ituon na lamang ang pansin sa kaniya sa kabila ng magulong mundo; 8) Misteryoso na nagsasalaysay naman ng pagkabighani at paghanga ng isang tao, una sa isang misteryosong indibidwal hanggang sa mapansin ito ng kaniyang hinahangaan at ang pag-asang umunlad ang nararamdaman ng bawat isa (Angan, 2024)[18]; 9) "Patutunguhan" na sumasalamin sa komplikasyon ng pag-ibig, ilusyon, at paghahanap ng tunay na direksiyon sa buhay; at panghuli, 10) "Estranghero" na nakatuon naman sa unti-unting paglimot ng dalawang tao ang kanilang nakaraang koneksiyon, maging ang dahilan at panahon ng kanilang pagsasama hanggang sa kalauna'y ay nagiging kapwa estranghero na lamang ang isa't isa.

Upang ganap na magamit ang mga awitin ng Cup of Joe, nagpadala ang mga mananaliksik ng liham-pahintulot sa opisyal na sulatroniko ng Viva Records, na nangangasiwa sa paglikha at pampublikong pamamahagi ng mga awitin at maging sa mga social media platforms ng nasabing grupo.

Sa pamamagitan ng pagpaskil ng *electronic signature* ng isa sa mga miyembro ng Cup of Joe mula sa pagpapadala ng mga mananaliksik ng *electronic mail* sa kanilang *social media account* na naging hudyat ng pagpapahintulot na gamitin ang mga awitin ng nasabing bilang mga datos ng mga mananaliksik.

Bilang karagdagan sa pananaliksik na ito, tiniyak na isinaalang-alang ng mga mananaliksik ang iba't ibang mga pagpapahalagang etikal upang matiyak na ang isinagawang pag-aaral ay obhetibo, walang pagkiling, palaging tama, maasahan, at lehitimo.

**Pag-aanalisa ng mga Datos**

Ginamit ng mga mananaliksik sap ag-aaral na ito ang pangkalahatang hakbang ng pag-aanalisa ng datos ni Creswell (2019)[19] upang masuri ang mga nakalap na datos mula sa lirikong pinakinggan sa mga piling awitin. Ang mga sumusunod na hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik upang mapagtagumpayan ang pang-analisa ng mga datos: 1) Paghahanda at Pagsasaayos ng mga Datos; 2) Familiarization ng mga datos; 3) Pagtukoy ng yunit ng pag-aanalisa; 4) Pagklasipika ng mga tayutay mula sa mga lirikong sinuro; 5)

Pagpapakahulugan sa mga lirikong nasuri; 6) Pagsusuri ng mga inalisang datos sa mga eksperto, partikular na sa wika at gramatikang Filipino.

## IV. MGA RESULTA AT DISKUSYON

Ang ginawang pag-aanalisa ng mga datos ay nakalahad sa bahagi ng resulta. Sa mga layunin na inilahad, tinukoy ng mga mananaliksik ang tayutay na nauugnay mula sa mga sinuring liriko ng mga piling awitin ng Cup of Joe; binigyang kahulugan ang mga lirikong sinuri; nilahad ang epekto ng mga ispesipikong liriko sa kabuuang pagkakasulat ng mga awitin; at inilarawan ang implikasyon ng mga liriko sa mga awitin ng Original Pilipino Music.

### Mga Tayutay sa mga Liriko ng mga Piling Awitin ng Cup of Joe

Ang unang bahagi ng mga resulta ng mga nausirng liriko mula sa mga piling awitin ng Cup of Joe ay nakatuon batay sa tayutay. Sa ilalim ng awiting “Pahina,” ang tayutay na Pagwawangis ang siyang pinakalumabas na tayutay at sumunod naman ang Asonans.

Ang Personipikasyon naman ang may pinakalumabas na tayutay sa awiting “Multo” na sinundan naman ng Pagmamalabis.

Sa ilalim naman ng awiting “Bagyo,” kapwa ang Personipikasyon at Pagwawangis ang mga tayutay na nasuri na sinundan naman ng Pagmamalabis at Pagtatambis.

Kabilang naman sa mga tayutay na nasuri mula sa awiting “Siping” ang Pagwawangis, Retorikal na Tanong, Anapora, Pagmamalabis, at Pamalit-Tawag.

Ang Pagwawangis naman ang pinakalumabas na tayutay mula sa awiting “Hinga.” Mula sa awiting “Silakbo,” ang tayutay na Pagwawangis ang pinakalumbas na sinundan ng Personipikasyon.

Sa awitin naman ng “Tingin”, ang tayutay na Pagwawangis at Pagmamalabis ang pinakalumabas at sinundan ito ng Personipikasyon at Pagtatambis.

Ang Pagwawangis naman na sinundan ng Personipikasyon bilang mga tayutay na may malaking bahagi na lumabas at kabilang din ang Retorikal na Tanong, Pagtutulad, at Panawagan ang nasuri mula sa awiting ”Misteryoso”.

Sa ilalim naman ng awiting ”Patutunguhan,” ang Pagwawangis ang pinakalumabas na tayutay at sinundan ng Pagmamalabis, samantala sa awiting ”Estranghero” ang Pagwawangis ay pinakalumabas din na tayutay na sinundan ng Pagtatambis at Retorikal na Tanong.

### Dalas ng Pagtunton ng mga Tayutay ng Bawat Awitin ng Cup of Joe

Sa ilalim ng TALAHANAYAN 1 ipinapakita na ang Pagwawangis o Metapora ay ang pinakamaraming natuntong uri ng tayutay mula sa mga awitin ng Cup of Joe na may dalawampu’t pitong (27) dalas na nagbibigay katuturan sa layunin nitong magbigay ng malinaw na paglalarawan sa pamamagitan ng paghahambing ng dalawang bagay nang tuwiran. Sumunod sa Pagwawangis ang mga tayutaymula sa mga sinuring mga liriko ang Personipikasyon (10), Pagmamalabis (7), Retorikal na Tanong (5), at Pagtatambis (3).

Datapwat hindi natunton mula sa pagsusuri ng mga liriko ang mga tayutay na Pagpapalit-Saklaw, Pagpapalit-Wika, Pang-Uyam, *Understatement*, at Salintunay.

**Talahanayan 1. Bilang at uri ng mga tayutay na natunton sa bawat awitin ng Cup of Joe**

| Awitin | A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M | N | O |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pahina** | - | 2 | - | - | | - | - | - | - | - | - | - | 1 | - | - |
| **Multo** | - | - | 4 | - | 1 | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| **Bagyo** | - | 2 | 2 | - | 1 | - | - | - | - | 1 | - | - | - | - | - |
| **Siping** | - | 3 | - | - | 1 | 1 | - | - | - | - | - | 2 | - | - | 1 |
| **Hinga** | - | 3 | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| **Silakbo** | - | 2 | 1 | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| **Tingin** | - | 3 | 1 | - | 3 | - | - | - | - | 1 | - | - | - | - | - |
| **Misteryoso** | 1 | 5 | 2 | 1 | - | - | - | - | - | - | - | 1 | - | - | - |
| **Patutunguhan** | - | 4 | - | - | 1 | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| **Estranghero** | - | 3 | - | - | - | - | - | - | - | 1 | - | 2 | - | - | - |
| **Kabuuang Dalas ng Pagtunton** | 1 | 27 | 10 | 1 | 7 | 1 | 0 | 0 | 0 | 3 | 0 | 5 | 1 | 0 | 1 |

***Mga Tayutay:** ***A – Pagtutulad (Simili); B – Pagwawangis (Metapora); C – Personipikasyon; D – Panawagan; E – Pagmamalabis; F – Pamalit-Tawag; G – Pagpapalit-Saklaw; H – Pagpapalit-Wika; I – Pang-Uyam; J – Pagtatambis; K – Understatement; L – Retorikal na Taning; M – Asonans; N – Salintunay; O - Anapora***

### Mga Pagpapakahulugan sa Sinuring Liriko ng mga Awitin ng Cup of Joe

Sa pagsasakatuparan na mga inilahad na layunin ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito, binigyan din ng mga pagpapakahulugan ang mga sinuring liriko batay sa kabuuang diwa ng mga awitin. Sa unang awiting

"Pahina," ipinapakita nito ang alaala na nilikha mula sa pagsasama ng dalawang tao, na nagsisilbing mga pahina na hindi maalis sa isipan nito. Kabilang na rin dito ang mga karanasan at damdaming hindi madaling makalimutan ng isang tao.

Pagdating naman sa ikalawang awitin na may titulong "Multo," ipianpakita nito ang masalimuot na ugnayan ng pag-aalaala at takot at sumasalamin din ng pakikipagtunggali ng isipan mula sa mga alaala ng nakaraan na naging "multo" at hindi tuluyang maalis sa isipan ng isang tao. Mula rin sa nasabing awitin, ang bawat "multo" na pilit na ipinapaalala ng nakaraan ang nagiging dahilan kung bakit nahihirapan ang isang tao na makausad at maghilom.

Sa ikatlong awitin naman na "Bagyo," ipinapahiwatig nito ang pagkakaroon ng kumplikadong pagmamahal na kung saan sumasalamin ito lubos na pagmamahal ng isang tao kahit ito ay nasasaktan na. Ang nasabing kanta ay nagsisilbi ring talinghaga ng matinding emosyon at pagbabago sa buhay na maaaring magdulot ng inspirasyon ngunit kalaunan ay nagiging sanhi rin ng paghihirap at pagtuloy na pagkakapitW sa mga nakaraang alaala.

Ang ikaapat na awitin naman na may titulong "Siping" ay nagpapakita ng matinding emosyon, tulad ng pag-ibig, pananabik, at maging ng pag-iisa at pagnanasa ng isang tao na makapiling ang kaniyang minamahal pisikal man o sa emosyonal na aspekto. Sa ilalim naman ng ikalimang awitin na may titulong na "Hinga," ipinapakita nito ang kawalan, pagkalito, at paghahanap ng isang tao ng kaliwanagan sa gitna ng kadiliman. Bukod dito, ang isang tao ay maaaring maligaw at mawalan ng direksyon, kaya't kinakailangan nitong harapin ang katotohanan at hanapin ang sariling hangganan upang muling makakita ng kaliwanagan.

Pagdating naman sa ikaanim na awitin na may titulong "Silakbo," ipinapakita nito sa biglaang pagbugso ng damdamin, nagkakaroon ng alitan sa isang relasyon bunga ng pagiging padalus-dalos ng isang tao. Bukod dito, kumakatawan din ito sa biglaang pagragasa ng damdamin na maaaring magdulot ng saya ngunit maaari ring humantong sa sakit at unti-unting paghilom.

Sa ikapitong awitin naman na "Tingin," ipinapakita nito ang kapangyarihan ng pagtingin bilang daluyan ng damdamin, na kung saan mula sa bawat taludtod nito ay nagpapahayag ng pag-ibig, paghanga, at koneksyon sa isang tao. Bukod dito, ito ay biglaang pag-usbong ng damdamin, ngunit hindi ito mababaw; sapagkat dumating man sa mga pagkakataong nagiging magulo ang paligid, ang minamahal lamang ng isang tao ang nakikita nito.

Ang ikawalong awitin naman na "Misteryoso" ay nagpapakita ng kahiwagaan at pagkabighani sa kabila ng pagkalito ng isang tao na tila mahirap unawain o basahin ang ikinikilos o iniisip nito. Ipinapahiwatig din ng mga naging pagpapakahulugan sa mga ispesipikong liriko nito na ang pag-ibig ay maaaring maging mahiwaga at puno ng kumplikasyon, at nagiging dahilan ng patuloy na paghahanap at pag-unawa sa minamahal.

Ang ikasiyam na awitin na may titulong "Patutunguhan" ay nagpapakita ng temang paglalakbay, pag-ibig, at paghahanap ng direksiyon sa buhay, kung saan ang bawat linya ng mga liriko nito ay sumasalamin sa pagnanais na makahanap ng kapayapaan at kahulugan ang isang tao. Bukod dito, ang minamahal ang nagsisilbing gabay at nagbibigay-linaw sa gitna ng ilusyon na nagiging daan tungo sa kaligayahan at katiyakan.

Panghuli, ang ikasampung awitin na may titulong "Estranghero" ay nagpapakita ng ugnayan ng pag-ibig na may halong pag-aalinlangan, kung saan ang bawat taludtod nito ay sumasalamin sa pagpili ng isang tao sa pagitan ng paglapit o paglayo mula sa nararamdamang pag-ibig. Bukod rito, sa pamamagitan ng nasabing awitin, binibigyang katuturan din ang uri ng pag-ibig na nagbabago nang paunti-unti nang hindi nakikilala ng kapareha, hanggang sa tuluyan na itong mawala.

**Epekto ng mga Tayutay Mula sa Sinuring Liriko ng mga Piling Awitin ng Cup of Joe**

Sa bahaging ito, tinalakay ang epekto ng mga liriko mula sa mga piling awitin ng Cup of Joe. Kasama rito ang kabuuang pagsusuri sa kung paano naaapektuhan ng mga liriko ang damdamin, kaisipan, at karanasan ng mga tagapakinig. Ang bawat awitin ay may kakayahang maglabas ng iba't ibang emosyon, mula sap ag-ibig at pananabik hanggang sa sakit at paghilom.

Sa unang awitin na "Pahina," makikita ang epekto ng mga tayutay na sumasalamin sa mga alaala na nagpapalakas ng damdamin, lalo na sa ideya na ang isang tao ang sentro ng karanasan at paglantad ng iba't ibang damdamin at alaala ng isang tao.

Para naman sa ikalawang awitin na "Multo," pinatitindi nito ang emosyonal na tono at diwa ng awitin, na kung saan inilalarawan nito ang lungkot, pag-aalaala, at emosyonal na kabigatan mula sa mga linyang isinulat. Ang nasabing kanta ay tila nagsasabi ng patuloy na paglalagalag ng presensya ng mga alaala at damdaming tila walang katapusan at nagpapakita ng hirap ng isang tao na tuluyang bitawan ang nakaraan.

Sa ikatlong awitin na may titulong "Bagyo," nakatuon ang emosyon nito tulad ng pag-ibig, sakit, at pagkawala. Samakatuwid, nagbibigay ito ng emosyonal na epekto sa mga tagapakinig na kung paanong ang pag-ibig ay nagdudulot ng malalaking pagbabago mula sa pagiging inspirasyon nito ng isang tao hanggang sa pagdurusa at walang katapusang pag-aalaala sa nakaraan.

Para sa ikaapat na awitin na may titulong "Siping," nagbibigay ito ng mas malalim na emosyonal na koneksiyon bilang epekto ng mga tayutay sa liriko na nakapagbibigay ng pangunahing diwa ng pagkakaroon ng isang tao ng damdamin ng pag-ibig, pananabik, at maging patungo sa pag-iisa nito.

Sa ikalimang awitin naman na may titulong "Hinga," mula sa mga liriko nito ay naglalarawan ito ng epekto na nagpapalalim ng pag-unawa sa sarili at pagharap sa kadiliman. Ang bawat linya ay nagsasaad ng pangangailangan ng isang tao na magmulat, magnilay, at tuklasin ang sariling hangganan upang makakita ng liwanag sa gitna ng kahirapan. Pinapatibay nito ang mensahe ng paghilom, pag-asa, at pagtanggap sa sariling karanasan.

Sa ikaanim na awitin naman na "Silakbo," nakapagbibigay ito ng epekto na nagpapahayag ng matinding emosyon tulad ng pag-ibig, pananabik, at sakit. Ang ikapitong awitin naman na "Tingin" ay nagpapahayag ng kapangyairhan ng pagtingin sa pagbuo ng damdamin at koneksiyon at nakapagbibigay ng mental na paglalarawan at nagpapalalim ng emosyonal na epekto sa mga tagapakinig nito.

Ang ikawalong awitin naman na "Misteryoso," makikita ang epekto ng mga liriko sa mga damdamin ng paghanga, pananabik, at pag-usisa sa isang taong mahirap unawain o may misteryosong katangian. Ang bawat linya sa awiting ito ay nagdadala ng mental na paglalarawan na ang pag-ibig ay puno ng hiwaga, distansya, at kontradiksiyon na nagdudulot ng matinding pagnanais na maunawaan at maabot ang isang tao tila mailap.

Sa ikasiyam na awitin naman na "Patutunguhan," nagpapakita ito ng mapaglarawang epekto sa mga tagapakinig na kung saan nagmumula sa tema ng awitin na paghahanap ng direksiyon at kahulugan sa gitna ng kalituhan. Ipinapakita rin sa awiting ito na kung paano ang minamahal ay nagiging gabay mula sa ilusyon tungo sa mas malinaw na landas. Pinatitibay nito ang ideya na ang pag-ibig ang nagsisilbing pinagmumulan ng katiyakan at kapayapaan.

At panghuli sa ikasampung awitin na may titulong "Estranghero," makikita ang malalim na emosyonal na epekto mula sa lirikong nagtataglay ng tema na ang isang tao ay maaaring makaramdam ng pag-ibig mula sa isang estranghero o hindi pa lubusang kilala at ang pagnanais ng isang tao na baguhin nito ang pananaw patungo sa proseso ng pagkilala ng bawat isa bago ang pagbuo ng kanilang relasyon.

**Implikasyon ng Paggamit ng mga Tayutay sa Original Pilipino Music**

Mula sa pagsusuri ng mga datos na nakalap mula sa liriko ng mga piling awitin sa konteksto ng Cup of Joe, na isang bandang Original Pilipino Music (OPM), napag-alaman ng mga mananaliksik na may malaking implikasyon ang paggamit ng mga tayutay sa pagpapahayag ng damdamin, karanasan, o kaya ng ideya ng mga manunulat at mang-aawit sa hindi lantad na paraan o istilo.

Sa paggamit ng mga tayutay, hindi lamang umuunlad ang Filipino bilang pinakagamiting wika ng mga kompositor at mang-aawit ng Original Pilipino Music, maging ang industriya nito na mas makilala pa ng publiko dahil sa mga awiting kinapapalooban ng mga hindi lantad na mensahe. Dahil dito, mas nahihikayat ang mga posibilidad na tagapakinig na pakinggan ang mga awiting OPM na maaaring maging daan upang mahumaling at patuloy na pakiggan ang mga awitin nito.

Ang mga tayutay sa Original Pilipino Music (OPM) ay hindi lang para makatulong sa liriko. Sinasalamin din nito ang kulturang Pilipino, pinapalalim ang damdamin, at kung minsan, nagtatago o nagpapaliwanag ng mga mensahe.

Ayon kina Tambunsaribu at Sigalingging (2025; sa pananaliksik nina Cordero & Espinosa, 2026)[20], napakahalaga ng mga tayutay sa mga liriko ng kanta. Bukod sa iba pa, marami itong anyo na nakatutulong sa paglikha ng mas malalim na emosyon at masalimuot na tema para sa mga kanta. Kaya't nagiging mas makulay at makapangyarihan ang mga ito. Ayon sa pag-aaral ni Yunos at Frncis (2023)[21], may kakayahan ang mga manunulat na ipahayag ang iba't ibang damdamin gaya ng pag-ibig, lungkot, at sakit sa isang mas masining at kaakit-akit na paraan sa pamamagitan ng mga tayutay. Ito ang nag-uugnay sa kanila sa kanilang mga tagapakinig.

## V. KONGKLUSYON

Batay sa kinalabasang resulta ng pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay humantong sa paglalahad ng kongklusyon tulad ng ma sumusunod:

1. Ang tayutay na Metapora o Pagwawangis ang natunton na pinakagamiting tayutay mula sa liriko ng mga piling awitin ng Cup of Joe na sinundan ng mga tayutay na Personipikasyon, Pagmamalabis, Retorikal na Tanong, at Pagtatambis. Samantala, tig-iisang liriko naman ang iniugnay sa mga tayutay na Pagtutulad, Panawagan, Asonans, at Anapora; hindi natunton sa anumang mga lirikong sinuri ang mga tayutay na Pagpapalit-Tawag, Pagpapalit-Wika, Pang-Uyam, Understatement, at Salintunay.
2. Mula sa mga naging pagpapakahulugan, ang bawat awitin ng Cup of Joe ay pumapatungkol sa proseso ng pagmamahal ng isang tao: nagsisimula ito sa pagkakabighani at paghanga (mula sa

awiting Tingin at Misteryoso), hanggang sa pagsusumamo o paghangad ng pag-unlad ng pagmamahal na magsisilbing liwanag (mula sa awiting Patutunguhan) at maging ang proseso ng pighati, magmula sa pagtanggi mula sa katotohanan (mula sa awiting Bagyo), galit (mula sa awiting Silakbo), pagsusumamo o pagnanais (mula sa mga awiting Siping at Pahina), matinding kalungkutan at pagkabalisa (mula sa awiting Multo), at panghuli, pagtanggap sa katotohanan na lumipas na ang pagmamahal (mula sa awiting Hinga at Estranghero).

3. Ang pagiging emosyonal at malikhain na pagkakasulat ng mga liriko na sinuri ng mga mananaliksik ay nakapaghahatid ng makabuluhang epekto sa mga awitin upang magsilbi itong daluyan ng koneksyon mula sa mga mensahe na ipinahahatid nito patungo sa buhay, karanasan, ideya, at emosyon na tagapakinig.
4. Ang paggamit ng tayutay sa liriko ng mga awitin ay nakakapaghatid ng makabuluhang sa kabuuang implikasyon sa Filipino bilang wika na maaaring kasangkapan sa malikhaing pagsulat. Ito ay maaaring ipalagay na mas umuunlad ang wikang Filipino, hindi lamang daluyan ng naiisip na ideya ng isang tao na maaaring ilapat sa pamamagitan ng pagsulat ng awitin, bagkus isang epektibong kasangkapan upang maging malikhain ang kaniyang pagpili ng mga salita upang ilahad ang kaniyang naiisip na ideya, nararamdamang emosyon, o naranasang mga sitwasyon sa hindi literal na istilo.

## VI. PASASALAMAT

Buong pusong pasasalamat ang inihahandog ng mga mananaliksik sa mga naging bahagi ng pagsisimula hanggang sa pagtatapos ng pananaliksik na ito.

Mula sa mga naging tagapayo ng mga mananaliksik na sa kanilang kahusayan sa larangan ng akademiko ay nakapagbahagi ng mga mahahalaga at makabuluhang kaalaman para sa ikauunlad ng pag-aaral na ito.

Sa grupo ng Cup of Joe na pinahintulutan ang mga mananaliksik na magamit ang kanilang mga likhang awitin bilang pinakadatos ng pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng kanilang malikhaing talent at walang kapagurang suporta sa pagpapaunlad ng OPM ay nagsilbing inspirasyon sa mga mananaliksik upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

## MGA SANGGUNIAN

[1] P.C. Constantino, and M. M. Atienza, *Mga piling diskurso sa wika at lipunan* (University of the Philippine Press, 1996).

[2] B. Aras, S. Bozkurt, and S. Onen, Exploring figurative language usage in contemporary music: Pedagogical implications for English language instruction, *Novitas-ROYAL (Research on Youth and Language, 18(2)*, 2024, 29-51.

[3] Y.K. Agung, D.P.E. Pratiwi, I.G.A. Vina, and W. Putri, Figures of speech used in the song lyrics of John Legend album "Bigger Love", *Elysian Journal – English Language, Linguistics, and Translation Studies, 2(3)*, 2022.

[4] X.Y. Kennedy, & D. Gioia, *An introduction to fiction, poetry, and drama* (Harper Collins College Publishers, 1995).

[5] T.R. Arp, & L. Perrine, Sound and sense: An introduction to poetry. (Boston MA: Thomson Learning, 2004).

[6] R.M. Bulan, Ninorte-Samarnon verbal morphology analysis: A guide to mother tongue teaching. *International Journal of Trend in Scientific Research and Development, 2(2)*, 2017, 1835-1844.

[7] J.A. Deja, K. Blanguera, C.E. Carabeo, and J.R. Copiaco, Genre classification of OPM songs through the use of musical feature. *ResearchGate*, 2016.

[8] L. Shunwei and L. Jia, Establishment of Philippine popular music industry, *Multicultural Education, 8(6)*, 2022, 61-75.

[9] M.B. Caipang, C.B. Orcullo, Pagsusuring pangnilalaman sa piling orihinal na Pilipinong awit (OPM): Disenyo ng aralin. *University of Bohol Advancing Filipino Research Journal, 2*, 2024, 109-118.

[10] A.L.B. Sebio, Wika at kultura ng OPM: Pagsusuri ng mga Awiting Pilipino tungo sa pag-unawa sa kultura ng ika-21 siglong Pilipino, *E-Dawa – An International Multidisciplinary Research Journal, 3(2)*, 2023, 10-23.

[11] J.B. Madarang, Unveiling power dynamics: A discourse analysis of the song "Uhaw" by Dilaw, *Elsevier, Inc.*, 2023.

[12] G. Leech, and M. Short, *Style in Fiction: A linguistic introduction to English fictional prose – 2nd edition* (Pearson Education Limited, 2007).

[13] J. Mauricio, *Cup of Joe: Band of Brothers*, Pulp Magazine, 2025.

[14] S. Bernardino, *Baguio's musical brew: The Cup of Joe story*, Manila Bulletin, 2023.

[15] M. Go, *1 year of Billboard Philippines' charts: The 16 longest-charting songs*, Billboard Philippines, 2025.

[16] K. Maramara, *Cup of Joe explains the story behind each song from their album, "Silakbo,"* 8List.PH, 2025.

[17] F. Bacordo, *Cup of Joe's "Bagyo" MV captures the calm after the chaos,* Zeen Magazine, 2025.

[18] K. Angan, *Cup of Joe no longer want to be strangers in new single "Misteryoso",* Billboard Philippines, 2024.

[19] J.W. Creswell, *Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approaches – 3rd edition* (Sage Publications, Inc., 2009).

[20] C.B.T. Cordero, and D.L. Espinosa, Demistifying sorrows and pain: Lexico-semantic analysis of Philippine songs in English about death, *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 4*(1), 2026, 236-250.

[21] N.S.E.M. Yunos, and F.P.F.G. Frncis, The study of figurative language in Taylor Swift's lyrics in the "Folklore" album: A Pragmatic analysis, *International Journal of Modern Languages and Applied Linguistics, 7(2),* 2023, 16-35.